

AMPATIN!
MGA AWIT SA TANGLAW NG KILUSANG PAGWAWASTO
ARMAS-TK | PULANG BANDILA – MGC ST
EDUARDO LABRADOR | BAGONG PAG-ASA | KA JO
2025

Malugod na inihahandog ng Artista at Manunulat ng Sambayanan-Timog Katagalugan (ARMAS-TK) ang ***AMPATIN! Mga Awit sa Tanglaw ng Kilusang Pagwawasto (2025)*** sa lahat ng mga kasama at masang Pilipino na ating minamahal at pinaglilingkuran. Ang mga awit na ito, na nilikha sa iba't ibang panahon at kalagayan, ay tinipon ng ARMAS-TK upang bigyang himig ang kasalukuyang hamon ng pagwawasto sa rebolusyonaryong kilusan.

Kalakhan sa mga pyesa rito, liban sa Awit ni Ka Jo na ***Magsasakang Walang Lupa,*** ay kolaborasyon sa pagitan ng ARMAS-TK at mga *composer* mula sa mga yunit ng Bagong Hukbong Bayan at mga rebolusyonaryong organisasyong masa sa TK. Inilabas na ang karamihan sa mga awit dito bilang mga *single* sa nakaraang taon, habang ang ilan ay mga dati nang nabuong kanta na muling ipinalalaganap para patampukin ang mga mensahe at panawagan ng kilusang pagwawasto.

Mapapansin ang gerilyang produksyon ng mga awitin sa *album*. Masasalat ng mga tagapakinig ang *rawness* — hagip sa *record* ang tunog ng kapaligiran at mahahalatang hindi dumaan sa matagalan at mas makinis na pag-e-*edit* sa *computer*. Kung sa mga musikero, maaaring tawagin na pang-*demo*. Pinili ng ARMAS-TK na ilabas ang mga awit sa ganitong katangian dahil kung magpapatali sa paghahabol sa isang antas ng kalidad ay maaaring ibayo pang magtagal bago ito mapakinggan ng mas maraming kasama at mamamayan. Halimbawa nito, *a cappella* nang inilabas ang ***Ibangon ang Lakas*** na may nakahiwalay na *instrumental* upang maging bahagi na ang awit ng selebrasyon ng ika-56 anibersaryo

ng Partido noong Disyembre. Ang ganitong hakbang ay bahagi na rin ng pag-angkop ng mga Pulang manggagawang pangkultura sa kalagayan ng matinding panunupil na *backdrop* ng artistikong produksyon.

Sa diwa ng kilusang pagwawasto, ipopularisa natin ang mga awitin sa ***AMPATIN!***. Aralin, itanghal, patugtugin sa mga pagtitipon at iba pang katulad na aktibidad. Ipalaganap din ang *digital copy* nito sa lahat ng posibleng daluyan. Bukas ang ARMAS-TK sa *recording* ng mga awit, makipag-ugnayan lamang sa amin para sa pagsasaayos ng mga ito. Gawin nating kolektibong pagsisikap ang pagpapaunlad sa ating mga awit at iba pang likhang-sining.

Hinihikayat namin ang mga kasama na lumikha at magparami pa ng mga pyesang sumasalamin sa di naaapula bagkus ay patuloy na lumalaganap na apoy ng paglaban ng rebolusyonaryong mamamayang Pilipino.

ISULONG ANG PAMBANSA, SIYENTIPIKO AT MAKAMASANG KULTURA!
ITANGHAL ANG SINING AT PANITIKAN NG REBOLUSYONG PILIPINO!
MAGWASTO! SUMULONG!

Bumalikwas

Intro: G-D-C-G (2x)

G D
Mga kasama, magkapit-bisig
C G
Pagbuklurin, mga aping uri
Em D C
Sa lipunang malapyudal, at malakolonyal
Em D G
Tayo'y magbabalikwas

Refrain:
Em D
Hawakan ang iyong armas
C
Palawakin, baseng masa
Em D G
Lakas natin, dudurog sa kaaway
Em D
Sa paglaban ang paglakas
C
Muog ang sambayanan
Am D
Makakamit ang malayang bukas

Koro I:
C G
Bumalikwas,
D Em
patungong paglaya
C G Em D
Hindi pagagapi, tagumpay ang mithi
C G D Em
Bumalikwas, patungong paglaya
C D G
Hindi pagagapi, bumalikwas

G-D-C-G

G D
Mga kasama, tatagan ang loob
Em D
Tapang at prinsipyo
C
Armas ng proletaryo
Em D C
Sumapi na sa Bagong Hukbong Bayan
Am D
Magpunyagi hanggang tagumpay

Refrain:
Em D
Hawakan ang iyong armas

C
Itutok sa kaaway
Em D G
Gagapin, batas ng digmang bayan
Em D
Sa paglaban ang paglakas
C
Muog ang sambayanan
Am D—E
Makakamit ang malayang bukas

Koro II:
D A E F#m
Bumalikwas, patungong paglaya
D A F#m E
Hindi pagagapi, tagumpay ang mithi
D A E F#m
Bumalikwas, tayo'y aalpas
D E AF#m
Hindi pagagapi, bumalikwas
D E break A
Hindi pagagapi, bumalikwas!

ANG *BUMALIKWAS* AY ORIHINAL NA KOMPOSISYON NG PULANG BANDILA - EDUARDO DAGLI COMMAND - NPA BATANGAS NOONG 2021. SA PAKIKIPAGKOLABORASYON SA ARMAS-TK, ISINAAAYOS ANG MGA TITIK AT MUSIKA NITO NOONG 2022. INI-RECORD ITO SA LOOB NG SONANG GERILYA AT IPINAMAHAGI NOONG ENERO 2023. UNANG INILATHALA ANG LYRICS AT CHORDS NITO SA KALATAS TOMO 43 BLG 1.

Hanggang sa Huling Hininga

Intro:
Em-D-Em 2x

Em D Em
Buhay mo ay inilaan
D Em
Sa isang mahabang paglalakbay
Am Em
‘Di mo man abutin ang patutunguhan
D Em
‘Di matatawaran ang kasikhayan

Am Em
Sa liko’t sikot ng pakikibaka
D Em
Mga kasawian at tagumpay
Em D Em
Isang matatag, pinunong huwaran
D Em
Bayani ng sambayanan!

Koro I:
Em D Em
Hanggang sa huling hininga
D Em
Tanaw mo'y dakilang pagpapalaya
Em D Em
Kapakanan ng sambayanan
D Em
Hanggang sa huling hininga!

(Same chords with verse)
La la la la la…
'Di mo man abutin ang patutunguhan
'Di matatawaran ang kasikhayan

Koro II:
F#m E F#m
Hanggang sa huling hininga
E F#m
Tanaw mo'y dakilang pagpapalaya
F#m E F#m
Kapakanan ng sambayanan
E F#m
Hanggang sa huling hininga!

Bayani ng sambayanan
Tanaw mo'y 'sang daigdig na malaya
Pagtatagumpay ng digmang bayan
Hanggang sa huling hininga!

ALAY KAY JOSEPHINE "KA SANDY" MENDOZA ANG *HANGGANG SA HULING HININGA* NA NILIKHA NG BAGONG PAG-ASA AT ARMAS-TK. UNA ITONG ITINANGHAL SA ISANG KAPEHAN PARANGAL PARA KAY KA SANDY NOONG NOBYEMBRE 30, 2023.

Mandirigma ng Bayan

Capo: 2nd fret
Pasakalye: Dm-Bb-A 2x

Dm
Sandata'y ikasa
Bb A
Sarili'y ihanda
Dm
Halina't humakbang, tayo na't lumaban
Bb A Dm
Ating tahakin mapulang landas
Bb A
'Di dapat umurong
Dm
Mangahas
Bb A Dm Bb A
Tayo na't magbalikwas
Dm Bb A Dm Bb A
Aah...

Dm
Magpalawak, magsanay
Bb A
Mula sa base at sa hanay

Dm
Konserbatismo’y iwaksi
Bb A
‘Di tayo pagagapi
Dm
Milisyaismo’y labanan
Bb A
Pakilusin ang mamamayan
Dm
Partido’y pagpugayan
Bb A
Isulong ang digmang bayan
Dm Bb A Dm Bb A
Aah...

Koro I:
C
May proletaryong diwa
Bb A
Sa labana’y laging handa
C
Ang Bagong Hukbong Bayan
C
Sa estado’y lumalaban
Bb A
Armas ng mamamayan
C
Ang Bagong Hukbong Bayan
Dm Bb A Dm Bb A
Aah...

Dm
Ang ating Pulang hukbo
Bb A
Tangan nya’y prinsipyo
Dm
Saksi ang sambayanan
Bb A
Nakaugit na sa kasaysayan
Dm
Ang ating tunay na Hukbo
Bb A
‘Di magagapi, ‘di susuko
Dm
Handang suungin ang kahirapan
Bb A
Upang kamtin ang kalayaan
Dm Bb A Dm Bb A
Aah...

(Ulitin ang Koro I)

Koro II:
Ipaglaban ang katarungan
Tanging hukbo ng bayan
Ang Bagong Hukbong Bayan
Sa estado’y lumalaban
Armas ng mamamayan
Ang Bagong Hukbong Bayan
Aaah...

ANG *MANDIRIGMA NG BAYAN* AY ORIHINAL NA LIKHANG TULA NI JETHRO ISAAC “KA PASCUAL/ BUNDO” FERRER NA NILAPATAN NG MUSIKA AT PINAGYAMAN SA KOLABARASYON SA ARMAS-TK NOONG AGOSTO 2018. UNA ITONG ITINANGHAL SA ISANG SONANG GERILYA SA NORTH QUEZON SIERRA MADRE NOONG 2020.

Rekoberi Erya

Intro: C F G-(2x) G7 C

C Dm
Lugar na naiwan at di nabalikan
G C
dahil konserbatibo, kulang sa paraan
C7 F
at dahil din sa salot, berdugong kaaway
C G C
sa pagbalik natin, dobleng ingat lamang

Dm
Marami nang nanghina, mga kalooban
C
mga nasa lokal, mga dating pultaym
C7 F
dapat pagbutihin, SI palalimin
C G C
tiyaking laging ligtas ang GSM natin

Dm
Dahil rin sa ating mga kakulangan
C
nang unang itatag ang mga samahan

C7 F
hindi natin agad sila naturuang
C G C
kahit na maiwan, tuloy lang ang laban

Dm
Nakakapagpulong kahit sila lamang
G C
nakakapagtasa kahit sila lamang
C7 F
laging may punahan sa pamamaraan
C G C
sila’ng namumuno sa kanilang laban

Dm
Sa simula lamang na organisahin
G C
Turuang umasa sila sa sarili
C7
at sa lagi lagi sila’y pag-ulatin
C G C
mga pagpupulong, mga suliranin
(mga pagpupulong at mga hakbangin)

(Ulitin sa pinakahuli bago magtapos ang kanta)

Koro:
Ito ang gintong aral, sa’ting karanasan
G C
Sa gawain natin, hu’wag kalilimutan
C7 F
Sumalig sa masa, sila’y paglingkuran
C G C
Silang tagapaglikha, nyaring kasaysayan!

ANG *REKOBERI ERYA* AY ORIHINAL NA KOMPOSISYON NI KA EDUARDO LABRADOR, TAGAPAGSALITA NG PAMBANSANG KATIPUNAN NG MGA MAGBUBUKID-TK. IPINASA ITO NG PKM-TK PARA SA DAGITAB 2022-2023.

Ibangon ang Lakas

Capo: 4th fret

Intro:
Gm F
Kung lukob ng kadiliman
Bb C F
ang buong bansa
Gm F
Walang pagpipilian
Bb C F C
kundi pag-aalsa

F G C
Pamanang sulo ng himagsikan
F G C
Hawakan nang mahigpit
Am Em
Papag-alabin sa buong kapuluan
F G C
Pandayin di magagaping lakas

Am Em
At sa bawat hagupit ng karahasan
F G C
Ang baya'y tumitindig

Am Em
Nagbabangon, lumalaban
F G C
Hanggang paglaya ay makamtan!

Koro:
F G C
Tayo na’t ibangon ang lakas
F G C
ng ating dakilang kilusan
F G C
Anuman ang balakid ating iigpawan
F G C
Magwasto, buong tatag na makibaka
F G C
Mula sa kanayunan hanggang kalunsuran
F G C
Sumulong hanggang tagumpay!

Bridge:
Am Em
Pagkakamali’y itutuwid
F G C
Dakilang teorya ang gabay natin
Am Em
Sumalig sa lakas ng sambayanan
F G C
Buong tatag na magbalikwas!

Koro:
F G C
Tayo na’t ibangon ang lakas
F G C
ng ating dakilang kilusan
F G C
Anuman ang balakid ating iigpawan
F G C
Magwasto, buong tatag na makibaka
F G C
Mula sa kanayunan hanggang kalunsuran
F G C
Sumulong hanggang tagumpay!

F G C
Mula sa kanayunan hanggang kalunsuran
F G C
Sumulong hanggang tagumpay!

ANG *IBANGON ANG LAKAS* AY PYESANG NILIKHA NG BAGONG PAG-ASA AT ARMAS-TK SA DIWA NG PAGSUSULONG NG KILUSANG PAGWAWASTO AT PAGLABAN SA PASISMO-TERORISMO NG REHIMENG US-MARCOS II. UNA ITONG ITINANGHAL SA ISANG KAPEHAN SA LOOB NG SONANG GERILYA SA OKASYON NG PAGTATAPOS NG ISANG BATS NG STAGGERED NA ABANTENG KURSO NG PARTIDO SA REHIYONG TK NOONG HUNYO 2024.

Ikambyo Pasulong!

Intro : Am E Dm Am E7 Am

E
Ito ang panahon upang tayo’y bumawi
E7 *Am*
Kumambyo pasulong ang lahat ng pwersa
Dm *Am*
Ito ay kailangan at napapanahon
E *E7* *Am*
Tapat na magwasto, ito ang ating hamon

E
Sa nakaraan na anim na taon
E7 *Am*
Ating nilabanan itong supresyon
Dm *Am*
Lahat ay ginawa na upang tayo’y supilin
E *E7* *Am*
PKP at BHB, masa hindi kayang durugin

E
Ano ang resulta ng pakana ng kaaway?
E7 *Am* *A7*
Nahihibang silang tayo ay wakasan
Dm *Am*

Hindi ito nangyari, bigo sila ‘di ba?
E E7 Am A7
Ang masang anakpawis lalong nagkakaisa

Pasada:
Dm Am
Kaya mga kasama, lahat ng pwersa
Dm Am
Ubos kayang gawin itong ating tungkulin
Dm Am
At mga gawain na atang sa atin
E E7 Am A7
Ikambyo pasulong pakikibaka natin

Dm Am
Atin nang nilagom mga karanasan
Dm Am
Mga tagumpay natin sa ating paglaban
Dm
Maling kaisipan at mga kahinaan
E E7 Am A7
Mag-aral, magwasto, kayang kaya natin

(Ulitin ang Pasada)

E E7 Am A7
Ikambyo pasulong pakikibaka natin
E E7 Am A7
Ikambyo pasulong pakikibaka natin

ANG *IKAMBYO PASULONG* AY ORIHINAL NA AWIT NA NILIKHA NI EDUARDO LABRADOR MATAPOS PAG-ARALAN ANG DOKUMENTONG AMPATIN.

Magsasakang Walang Lupa

Chords: D A Em G

O may isang magsasaka
Nagising isang umaga
Nang mabulabog ng ugong
Ng isang makina

Nagulat siya nang makitang
Ang kanilang kabundukan
At niyugan ay hinukayan
Para sa minahan

“Ay dyuskupo!” ang hiyaw niya
Sabay sugod sa makina
May inhinyero’t sundalo
Tanong ay “hu ar yo?”

Aba’y hu ar yo ka rin
Sinisira niyo ang aming mountain
Ngunit sabi ng inglesero
“Wer is yor titulo?”

Magsasakang walang lupa
Nagpakita ng kalyo’t sugat
Ang kanyang katibayan
Ay tanim niyang kokonat

O magsasakang walang lupa
O magsasakang walang kita
Oras na oras na
Tayo’y magkaisa
Lumaban manindigan
Ipagtanggol ang karapatan
Bawiin ang lupang
ating pinagyaman

“Ay dyuskupo!” ang hiyaw niya
Sabay sugod sa makina
May inhinyero’t sundalo
Tanong ay “hu ar yo?”

Aba’y hu ar yo ka rin
Sinisira niyo ang aming mountain
Ngunit sabi ng inglesero
“Wer is yor titulo?”
Magsasakang walang lupa
Nagpakita ng kalyo’t sugat
Ang kanyang katibayan
Ay tanim niyang kokonat

ANG *MAGSASAKANG WALANG LUPA* AY KOMPOSISYONG AWIT NI KA JO, MYEMBRO NG PULANG BANDILA - EDUARDO DAGLI COMMAND - NPA BATANGAS.

Sulong Pulang Mandirigma

Intro: Cm-Fm-Cm-Fm-Cm-G-Cm
Cm-Fm-Cm-Fm-Cm-G-Cm

Haa...

Koro:
Cm
Sulong pulang mandirigma
Fm Cm
Itaas antas ng teorya’t praktika
Fm Cm
Magpakadalubhasa sa syensya ng digma
G Cm G-G7
Kamtin ang ganap na paglaya

Cm G Cm G
Buong giting na ipatupad
Cm
Ang atas ng Partido Komunista
Cm7 Fm
Wastong gabay sa pakikihamok

G# Cm G# G
Wastong linya ang itataguyod
Cm G Cm G
Ang armas nati'y paglingkurin
Cm
Sa uring inaalipin
Cm7 Fm
Muog ng mga ganid ating titibagin
G# Cm G# G
Pagsasamantala'y ating gagapiin

(Ulitin ang Koro)

Papalawak, papalalim na baseng masa
Rebolusyong agraryo ganap na isagawa
Pagsilbihin lahat ng ito sa armadong pakikibaka
Tagumpay sa lahat ng teatro ng digma

Ang pulu-pulong kalupaa'y aralin
Mataas man o mababa, gawing pabor sa atin
Sa malawak na kanayunan tungong kalunsuran
Itakda ang labanan, sa kaaway paglilibingan

Cm–Fm–Cm–Fm–Cm–G–Cm–A–A7
Haa...

(Tataas ng isang key)

(Ulitin ang Koro)

Huwag kalilimutan, ating kasaysayan
Haraping may pag-asa ang kinabukasan
Pananaliksik at pag-unlad walang kapaguran
Ubos kayang mag-ambag alang sa sambayanan

Ang ating laban ay bahagi't kaisa
Ng sangkatauhang nakikibaka
Mahigpit na hawakan ang tangang sulo
Ng pandaigdigang proletaryong rebolusyon

(Ulitin ang Koro)

NILIKHA ANG *SULONG PULANG MANDIRIGMA* HABANG NASA PAGSASANAY AT INSPIRASYON NG BKO SA TIMOG KATAGALUGAN, PEBRERO 29, 2016.

AMPATIN!

MGA AWIT SA TANGLAW NG KILUSANG PAGWAWASTO

ARMAS–TK | PULANG BANDILA – MGC ST
EDUARDO LABRADOR | BAGONG PAG–ASA | KA JO

2025